**Abstract**

Is a recollection of the pandemic experience. Together with Mereng, this short story takes readers on a profound exploration of lives entwined with masks, illusions, injustices, and profound sacrifices made by those who were at the forefront of safeguarding the nation from the COVID-19.

**Keywords**

sementeryo
pandemya
frontliners
red-tagging
extrajudicial killings

**English title**

Rent

# RENTA

**ERICKA FLORES**

"NANDIYAN NA SI Imong!

Agad na nagtago sa kani-kanilang tahanan ang magkakapitbahay. Nanahimik ang buong kabahayan nang makita ang lalaking kanilang kinatatakutan. Kapansin-pansin ang pagsayaw ng kaniyang gintong kuwintas habang naglalakad at nagniningning ang naglalakihang diyamanteng singsing sa bawat daliri. Aakalaing may espesyal na lalakarin dahil nakasuot ng mahabang manggas at maong na pantalon, habang hila-hila ang isang gintong martilyo at sako. Madilim na ang paligid subalit preskong nakasalamin, parang may pinagbibidahang pelikula sa malaartistang pormahan nito.

"Imong, parang awa mo na. Sinusubukan kong magparamdam sa kapatid ko pero wala, hindi pa rin sumasagot," pagmamakaawa ng isang babaeng sumusunod kay Imong. Ang mahabang buhok na sumasayad sa lupa ay pawang alipin na sunod-sunuran. Malayong-malayo sa itsura ni Imong, simpleng puti lamang ang kasuotan at nakayapak.

Bakas sa boses ng babae ang matinding pagmamakaawa subalit sipol lamang ang sagot nito sa kaniyang pagsusumamo. "Imong, sige na, wala pa akong pambayad sa renta. Kahit paabutin mo na lang hanggang bukas, sa huling araw ng dalaw," patuloy na pangungulit nito kahit hindi matapatan ang lakad dahil sa malalaking hakbang.

Akala ni Mereng, ang buhay ng isang tao ay natatapos lang sa kamatayan. Na wala nang susunod pagkatapos huminto ang puso sa pagtibok at ang isip sa paggana. Subalit talagang hindi mo masasagot ang mga bagay hanggang di mo nararanasan. Isa pa rin palang pagsubok ang kawalang-buhay. Sa mundo ng mga kaluluwa, may palugit na limang taon ang bawat upa sa nitso sa sementeryo. Kung sa mga nabubuhay, salapi ang ipinambabayad na upa sa kani-kanilang tahanan, sa mundo ng mga kaluluwa, ang mga alay at alaalang naiiwan para sa mga namayapa ang kinokolekta.

Ilang kanto pa ang nilikuan nila bago marating ang destinasyon. Aalma pa sana si Mereng subalit napatingin siya sa tinitingnan ni Imong nang huminto sa paglalakad.

Mercedes Claro Santillan. Born 1995. Died Sept. 6, 2017. Alaala ng kaibigan at pamilya. Gintong nakaukit sa isang parisukat na marmol ang ngalan.

Natatakpan ng mga balat ng sitsirya at naglalaglagang mga dahon mula sa matandang acacia. Pawang napaglumaan na ng panahon, ang nitso ni Mereng ay marumi. Pero hindi na ito bago sa kaniya. Araw-araw, hinihintay niyang may maglinis ng kaniyang bahay.

Kaso wala pang bumibisita.

"Mercede—"

"Mereng na lang."

"Mereng, makinig ka." Itinuon ni Imong ang atensiyon sa kaharap na dalaga habang nakatungkod ang mga kamay sa pala. Itinatapik-tapik ang palad na parang nawawalan ng pasensiya. "Matagal nang kalakaran 'to. Kapag hindi kayo makakapagbayad ng upa, ililipat na kayo sa ilalim." Itinuro niya ang lupa, walang emosyong ipinapahiwatig ang kaseryosohan ng pag-uusap.Katulad ng mga basura, ang mga nalimot na kaluluwa ay itinatapon sa tinatawag na ilalim. Ang ilalim na kinatatakutan pati ng dilim. Ilalim na dinarasalan ng mga tikbalang, manananggal, at mga kapre, hinihiling na sana ay hindi mapunta roon. Ilalim na puno ng nag-iinit na apoy at mga ligaw na kaluluwang nagnanais na makatakas sa impiyernong sinapit sa lugar na iyon.

"Ipambabayad ko ang kaluluwa ko, para sa koleksiyon mo." Natigilan si Imong sa suhestiyon ni Mereng. Maririnig ang bulungan ng mga katabing nitso sa sinabi nito, hindi makapaniwala sa desperadong alok.

Matagal nang may-ari ng paupahan si Imong. Dahil pinili ito ng nakatataas na hukuman bilang tagapangalaga, may kakayahan siyang sumanib sa dating katawan ng mga ligaw na kaluluwa. Kung kaya maliban sa paniningil ng renta ng mga namatay, siya rin ang naninigurado kung nasa maayos na lagay ang sementeryo sa pisikal na mundo. Imortal kung maituturing hindi lamang dahil sa ilang taong pagsubaybay sa mga multong naninirahan dito subalit pati sa mga kaluluwang nakokontrol mula sa kaniyang mga kondisyon.

"Sigurado ka?" Iminuwestra niya ang ngiping ginto.

"Oo, bigyan mo lang ako ng isang araw." Nag-aalangan na pagpapatuloy nito, "At dahil di na gumagana ang pagpaparamdam ko, kailangan ko rin ng katawan na hihiramin."

"Aba, madam," pang-aasar nito, "nakakabilib 'yang mga request mo, a. Paano ko naman masisiguro na ibibigay mo sa 'kin ang kaluluwa mo?"

"Pipirma ako sa kontrata."

Taas-kilay na inilabas ni Imong ang gintong panulat at isang nakarolyong papel. Nang buksan ay hinayaang tumama sa lupa upang makita ni Mereng kung gaano karami na ang nakipag-areglo sa kaniya. Pumirma si Mereng upang maging opisyal ang kanilang kasunduan.

Taas-noong kinatok ni Imong nang tatlong beses ang katabing nitso. Lumabas ang bangkay ng isang babaeng maikli ang buhok at, katulad ni Mereng, nakasuot ng puting bestida. Magkapatong ang dalawang kamay sa dibdib at tila natutulog nang mahimbing. Nang itinayo ay nahulog ang isang mata. Kinuha naman ito ni Imong at inayos.

"Akala ko katawan ko ang gagamitin?" nagtatakang tanong.

"Hindi mo puwedeng balikan ang nagamit mo na."

Hindi man sumang-ayon, dahan-dahang humakbang si Mereng patungo sa walang kabuhay-buhay na katawan. Naramdaman niya ang kiliti ng pagkiskis ng mga buto at paghinga nang marahan. Pagdilat, agad na humampas ang malamig na hangin sa balat. Bagaman wala nang puso, pakiramdam niyang muling tumibok ito.

"Pagpatak ng alas-dose bukas at wala ka pang alay, alam mo na ang mangyayari." Preskong inilagay nito sa balikat ang gintong martilyo at pala.

Sumisikat na ang araw nang lumabas siya sa sementeryo. Ilang taong pananatili lamang sa loob, hindi pinapahintulutang makalabas ang mga may utang sa upa. Kung kaya nanibago siya sa itsura ng labas kung saan kapansin-pansin ang dami ng taong nakasuot ng pawang asul na maskara. Walang kalendaryo sa sementeryo, tanging ang paglubog at pagsikat ng araw ang panukoy kung panibagong umaga na ulit. Nalalaman lamang nina Mereng kung malapit na ang huling araw ng dalaw sa tuwing may pinapaalis na umuupa. Agad siyang lumapit sa nagtitinda ng diyaryo upang makita ang araw at taon. Ikatlo ng Nobyembre. Pakiramdam ni Mereng ay kahapon lamang siya nang masawi; ni oras ay hindi na ramdam ng mga namayapa.

"Neng, ba't wala kang mask? Pag nakita ka ng mga sundalo, naku!"

"Sundalo po? Para saan ang mask?" Nagdududang tumingin ang ale na nagtitinda, iniisip na baka walang telebisyon sa bahay nito kaya nahuli sa balita.

"Lockdown ngayon, neng. Pinapasuot nila ng face mask ang mga tao para hindi magkahawahan sa sakit."

Iminuwestra bigla ng babae ang isang pack ng mask at dineretso ang kaninang kuba na pagkakaupo, nag-iba ang tono ng pananalita, "Kumuha ka ng isa."

"Wala po akong dalang pera."

"Mereng, kumuha ka ng isa at isuot mo." Nabigla si Mereng nang matantong si Imong na ang nakakausap. Sumanib ito sa babae upang muling pagsabihan ang dalaga. "Nakalimutan ko, may nangyayari sa mga nabubuhay. Sa naririnig ko, may kumakalat na sakit. Nakahahawa pero hindi nakikita. Siyempre, di ka na matatablan ng mga 'yan pero kailangan mong sumunod sa mga ipinapatupad kung ayaw mong maabutan ng gabi," taas-baba ang kilay na pagpapaalala ni Imong bago umalis sa katawan ng nagtitinda.

Pinagmasdan ni Mereng ang mga taong naglalakad at ang mga sundalong patingin-tingin sa paligid. Napansin niyang sa tuwing may taong hindi maayos ang pagkakasuot ng mask, pinatatabi ito ng sundalo sa gilid at ipinapaayos ang suot na mask. Kaya wala na siyang nagawa kundi isuot ang ibinigay ni Imong. Hindi makapaniwala si Mereng sa narinig. Ito ba ang dahilan kung bakit hindi na nakabibisita ang kaniyang kapatid? Mas tumindi ang pagnanais niyang mahanap ang kapatid subalit hindi ito naging madali. Hindi niya alam kung saan magsisimula. Habang naglalakad, natigil siya nang marinig ang isang balita mula sa telebisyon ng isang karinderya.

"Patay … nagngangalang Alex Santillan … Reporting live dito sa Barangay Sinukuan …"

Hindi niya nasimulan ang balita subalit tumatak sa kaniya ang pangalang nabanggit at salitang patay. Alam niyang may kalayuan ang Barangay Sinukuan sa sementeryo subalit walang pagdadalawang-isip pa rin na pinuntahan ni Mereng. Nang makarating, tumambad sa kaniya ang dami ng taong nakikiusyoso sa burol. Dinig na dinig ang pagsusumamo ng isang babae.

"Mga hayop kayo! Walang kasalanan ang anak ko," dinig ni Mereng sa malayo. Kinakabahan niyang pinuntahan ang tunog upang kumpirmahin ang pinagmumulan ng pag-iyak.

"Ano ba raw ang nangyari?"

"Tulad lang din doon sa kabilang kanto, binaril na naman. E palagi pa naman 'yang batang 'yan sa tindahan namin. Hindi naman mukhang nag-aadik."

Nagbubulung-bulungan ang mga nakikiusyoso sa lamay. Agaw-pansin ang panaghoy ng isang babaeng nakasuot ng itim na belo habang yakap-yakap ang kabaong. Isiniksik ni Mereng ang sarili upang mas makita nang harapan ang pangyayari.

"Alex ko, anak ko! Mga mamamatay-tao!" muling pag-iyak nito. Nang marinig ang pangalan, hindi napigilan ni Mereng na humagulhol nang malakas. Natigil sa kani-kanilang ginagawa ang mga nakikiramay dahil sa pag-iyak nito.

"Alex!" Tinungo ni Mereng ang kabaong at niyakap din. Sarado na ang kabaong at handa nang ilakbay papunta sa lugar kung saan ililibing, kung kaya hindi nakita ng dalaga ang katawan nito. Nagtataka man, tila nakipagkompetensiya pa ang babae sa pag-iyak ni Mereng. Natigil na lamang sila nang kailangan nang umalis para pumunta sa lugar kung saan ito ililibing.

"Hi! Ako si Princess, kaibigan ka ba ni Kuya Alex?" Tumabi sa kaniya ang isang babae, na mahigpit na nakayakap sa hawak na larawan. Naalala ni Mereng na katabing umiiyak din ang babaeng ito ng nakasabayan niya sa paghagulhol. Ipinakita ni Princess ang larawang hawak, pinapaalala ang mukha nito. Nagulat naman si Mereng nang mapagtantong iba ang kilalang Alex.

"Iyan si Alex?" sabi niya, nanlalaki ang mga mata.

Natatawang sumagot ito. "Ay hala! Nagkamali ka, 'noh? Ibang Alex Santillan ang kilala mo?" Muntik nang mabali ang maseselang buto ng

hiniram na katawan ni Mereng dahil sa hampas ni Princess. Naibalik niya agad sa puwesto. Tawang-tawa ito sabay turo sa ina ng nasawi, nasa unahan ng mga naglalakad, malapit sa kotseng pinaglalagyan ng kabaong. Umiyak siya sa harap ng pamilya ng namatay gayong maling akala palang ito ang nawawalang kapatid. Wala ang kapatid niya rito. Wala si Alex.

"Patay, mali! May iba ka pa bang kilalang Alex Santillan?" Natigil sila sa paglalakad.

"Kung naghahanap ka ng tao, madali lang 'yan! Tignan natin sa peysbuk!" natatawang sambit nito. "Amin na selpon mo."

"Wala akong selpon." Nagpatuloy sila sa paglalakad nang matantong nahuhuli na.

Kinuha ng babae ang isang selpon mula sa kaniyang bulsa. "E account sa peysbuk?" Iling ang isinagot ni Mereng. Pamilyar kay Mereng ito noong nabubuhay pa siya subalit kahit kailan ay hindi niya naisipang gumawa ng account. Ni minsan hindi niya naisip na kakailanganin niya ito balang-araw.

"O ito, gamitin mo muna 'yong akin. Pindutin mo 'to, tapos i-type mo ang pangalan ng kapatid mo, may lalabas diyan na profile picture ng mga may pangalan na Alex. Tingnan mo na lang."

"Sigurado kang dito ko mahahanap ang kapatid ko?"

"Duh! Lahat na ng tao ngayon, mapabata o matanda, nagamit ng peysbuk, 'noh!" Kuryosong pinagpipindot ni Mereng ang selpon. Tinipa ang pangalan ng kapatid sa search bar at lumabas ang isang libong account na may parehong ngalan. Tumagal ang pagtitingin ni Mereng subalit wala pa ring pag-asa. Kinuha ni Princess ang kaniyang selpon mula rito at nagsimulang magtipa muli.

"Ano'ng itsura ng kapatid mo?"

"Matagal na no'ng huli kaming magkita e. Pero mayroon siyang nunal sa leeg! Medyo singkit ang mata at moreno. Bakit?"

"Habang nag-i-scroll ka, puwede na rin mag-message ang kung sino mang nakakakilala sa kapatid mo pag nakita nila 'tong post," hindi man lubos na naiintindihan ni Mereng dahil sa kakulangan sa kaalamang panteknolohiya, natuwa naman siya sa ibinigay na kabaitan nito.

"Salamat, pero bakit mo ako tinutulungan?"

"Alam ko rin kasi ang pakiramdam ng mawalan ng kapatid," malungkot na sagot. Nauna ito sa paglalakad.

"Ano'ng nangyari?" habol na tanong ni Mereng. Base sa narinig ng dalaga, walang hustisyang pinatay ang Alex na kapatid ni Princess.

Patuloy pa ring hinahanapan ng sagot ng pamilya nito ang sinapit ng binatilyo.

Buntong-hiningang tugon, tila may dumaplis na mapait na alaala kay Princess. Humigpit ang pagkakahawak ng dalaga sa larawan ng kaniyang kuya. "Tulad ng mga binabalita, namatay nang walang kalaban-laban. Kesyo adik daw. No'ng arestuhin ng mga pulis, nanlaban daw kaya wala na silang nagawa kundi patamaan ng bala." Patuloy pa rin silang naglalakad habang sabay na sinisilip ni Princess ang selpon na hawak ni Mereng. Wala pa ring pumapansin, ni reaction wala. Ilang minuto na ang lumilipas subalit tila naiwan ng kawalan ang post nila sa peysbuk. "Pero alam mo? Hindi ako naniniwala. Gano'n din kasi ang rason nila sa bawat binata na binabalita sa TV. Ayun sina Aling Lourdes," nabaling ang tingin ng dalawa sa isang babaeng nag-aayos ng mga paninda. Saglit na dumapo ang tingin nito sa direksiyon nina Princess at agad na pumasok sa loob ng kaniyang tahanan. "Ang anak niyang kaedad ni Kuya Alex, pareho rin na binawian ng buhay sa parehong rason. Na-TV pa nga silang pamilya dahil sobrang galit nila sa presidente. Kaso ilang araw pagkatapos no'n, nanahimik sila. Ang sabi, nasuhulan na raw ng gobyerno kaya kahit kami, iniiwasan. No'ng una, iniisip ko kung paano nila nakakayang tanggapin 'yong pera na 'yon." Saglit na natigil sa pagsasalita na pawang may realisasyong sumuklob sa kaniyang katauhan. Hindi niya mapigilang muling bumuntong-hininga. "Pero na-realize ko, sa lagay natin ngayon, kung sa'n ang maghain pa lang ng kanin ang hirap na, di mo rin sila masisisi. Ang mga masasama talaga dito ay 'yong mga maykapangyarihan na tine-take advantage tayong mga wala." Magkahalong mangha at gulat ang naramdaman ni Mereng habang nakikinig kay Princess. Parang hindi na bata dahil sa mulat na isipin. Malay sa realidad na para sa kaniya naman ay pawang pagpasok sa bagong mundo. Hindi niya akalaing lumalala ang kalagayan ng mga nabubuhay. Parehong mukha ng pakikipagsapalaran subalit mas humirap ang paghahanap ng daan para umahon. Kung dati ay hindi parang nasa hukay ang isang paa, ngayon ay tila inuuod na dahil sa hirap ng buhay.

"Ikaw, ate, bakit mo hinahanap ang kapatid mo?" *Dahil sa renta*, iyon sana ang nais niyang sabihin. Subalit napuno ng daan-daang tanong ang kaniyang isip pagkatapos ng usapan nila ni Princess.

"Princess!" Naiwan sa ere ang tanong kay Mereng dahil tinawag ang dalaga. "Ay, ate, tawag ako. Check mo muna kung may nag-reply na. Wait

lang, a!" Hindi na nakaalma si Mereng sa pag-abot ng selpon dahil sa pagmamadali nito.

Susunod na sana si Mereng upang ibalik ang selpon kay Princess, nang biglang may humawak sa kaniyang braso. "Pauka?" nagtatakang tanong ng isang lalaki. Nang tuluyang lingunin ng dalaga ang lalaki, agad siyang hinagkan nito. "Salamat at ligtas ka. Ilang araw ka na naming hinahanap. Saan ka ba pumunta? Pagkatapos ng rally bigla ka na lang nawala. Ano pala'ng ginagawa mo rito?"

"A, e ..." hindi masundan ni Mereng ang tuloy-tuloy na pagsasalita nito. Ang tanging malinaw ay ang pagtawag nito kay Mereng ng ibang pangalan.

"Puntahan natin sina Alex!"

"Alex?"

"Si Alex? Boyfriend mo?" Nabigla sa nabanggit na pangalan si Mereng.

"'Yong selpon! Te-teka!" Wala nang nagawa si Mereng nang hilahin ng lalaki. Hindi na rin niya naibalik ang ipinahiram na selpon sa kanya dahil sa kamamadali. Nahiwalay na sila sa grupo ng mga naglalakad kanina. Pumasok sila sa isang masikip na eskinita.

Tumigil sila sa harap ng isang bahay, dinig na dinig sa labas ang musikang pinapatugtog. Subalit natigil ito kasabay ng ingay nang sila ay pumasok. Nanahimik ang lahat na parang may dumaan na anghel.

"Alex, si Paula."

Agad na kinulong ng tinawag na Alex sa kaniyang bisig si Mereng. Nararamdaman ng dalaga ang pagtulo ng luha ng lalaki sa kaniyang balikat.

"Akala namin nakuha ka rin nila. Grace, natakot ako. Ano'ng nangyari sa 'yo?" Niyakap naman ito pabalik ni Mereng, napagtantong inaakala nilang siya si Grace, ang dating may-ari ng katawang hiniram.

Hindi niya lubos maunawaan kung ano ang mararamdaman nito kung sakaling malaman na patay na talaga ang babae. Hindi niya rin maaaring sabihin sapagkat nakalagay sa kontrata ng pagpapahiram ng katawan na mahigpit na ipinagbabawal ito.

Kung kaya, sinakyan niya na lamang ang mga tanong na ibinabato sa kaniya.

"Ano'ng nangyari sa 'yo?" pag-uulit na tanong ni Alex nang dalhin siya nito sa loob ng kusina. Gumaan nang bahagya ang kaniyang kalooban dahil nakalayo sila sa mga titig ng mga tao sa loob ng bahay. May mga hindi makapaniwala, may biglang yumayakap at lumuluha

sa kaniyang harapan. Wala siyang nagawa kundi saluhin ang kanilang pagsusumamo.

Hindi agad nakasagot si Mereng sapagkat nalilito siya sa mga kaganapan. Kanina lang kausap niya ang isang dalagang namatayan ng kapatid dahil sa kawalang-hustisya ng bansa. Ngayon naman tila matagal nang hinahanap ang babaeng orihinal na may-ari ng katawang ginagamit niya.

"Kung sa'n-sa'n ka namin hinanap. Kina Tere, kina Manny o kahit do'n sa bahay-kubo na dating pinagmimitingan ng tropa." May inabot na poster si Alex kay Mereng bago niya ito muling kinausap. Pansin ni Mereng na nagpipigil si Alex sa dami ng tanong para sa kaniya.

MISSING!

Paula Anne Bartolome. Age: 20. Height: 5'4". Medium build. College student, University of the Philippines. Last seen June 10, 2020.

Kalakip ng mga impormasyon tungkol kay Paula ang larawan ng isang dalagang nakabestida at nakapusod ang buhok. Maganda ang ngiti nito habang nakaupo sa isang bangko. Punong-puno ng buhay ang larawan na iyon. Mas lalong nalungkot si Mereng. Hindi man niya sinasadya, pakiramdam niyang ipinagkakait niyang magpatuloy mabuhay ang mga taong naiwan ni Paula. Subalit wala rin siyang magawa.

"Sabi ng kapatid mo, walang araw daw na hindi umiiyak si Tita. Kapag tinatanong niya kami, wala rin akong masabi. Paula, akala namin ..." hindi na nag-atubiling yakapin ni Mereng ang binata.Nalaman niyang isang kolehiya pala si Grace. Isang iskolar na nangunguna sa mga pagbatikos sa mga katiwalian ng gobyerno. Tulad ng ibang nagiging aktibo sa pagsisiwalat ng kabahuan sa bansa, nasama si Grace sa mga kabataang dinakip at nawala. Ang dinatnan ni Mereng ay isang pagpupulong ng kanilang organisasyon na muling inoorganisa ang mga kaanib sa pagkilos laban sa sinapit na pang-aabuso. Hinahanap ang hustisya para sa mga nawala. Mabigat sa pakiramdam ni Mereng na nagdudulot ng maling pag-asa ang kaniyang presensiya sa mga naiwan ni Grace, subalit sinusubukan niya, kahit sa maliit na paraan, na gumaan ang pakiramdam ng mga ito.

Nang saglit na itigil ang pagpupulong para sa pagpapahinga ng isip, may natanggap na mensahe si Mereng sa selpon na kaniyang hiniram kanina. Isang nagngangalang Alex Santillan ang nagpaabot sa kaniya ng mensahe.

Ayon dito, may nalalaman siya sa nawawalang kapatid ng dalaga. Naging mabilis ang pag-uusap sapagkat niyaya nito si Mereng na makipagkita sa ospital, na malapit lamang sa sementeryo. Hindi na nagdalawang-isip, nagmadaling naghanap ng paraan ang dalaga upang makalabas sa bahay. Subalit bago umalis, sinigurado ni Mereng na mag-iwan ng sulat sa pamilya at mga kaibigan ni Paula. Nalulungkot man, hinihiling na lamang niya sa maykapal na sana bigyang-liwanag ang mga naiwan ng dalaga. Naniniwala siyang darating ang panahon na kusang maghihiganti ang tadhana sa mga inabuso at pinagsamantalahan. Sa huli, ang mabuti at tama pa rin ang mananaig.

Nang tumungo ang dalaga sa ospital, agad na tumambad ang tila nagmamadaling nars habang tulak-tulak ang mga nakahigang pasyente. Marami na rin ang nakaupo at nakahiga sa sahig habang may mga nakasaksak na kable sa katawan. Tulad nang palabas sa sementeryo kanina, puro nakaputi at asul na maskara ang mga tao. Dere-deretso ang lakad ni Mereng hanggang sa likod ng ospital, ang kaninang kaba ay napalitan ng pagkasabik. Kahit na pangalawang beses na siyang nagkamali, umaasang sa wakas makikita na niya ang kapatid. Nagsisimula nang dumilim ang paligid dahil palubog na ang araw.

"Alex?"

Nakaramdam ng matulis na bagay sa tagiliran si Mereng. "Akin na ang selpon at pera mo kung ayaw mong masaktan," dinig niya ang isang boses ng lalaki mula sa kaniyang likod. Nalaglag ang hawak na selpon ni Mereng dahil sa pagkagulat.

"Alex, teka, si Ate 'to."

"Hindi ako si Alex. Ibigay mo na 'yan." Humarap si Mereng sa kausap at nakita ang isang lalaki na nakasuot ng asul na sombrero at pinantakip sa mukha ang isang bandana. Tinabig ito ni Mereng upang makita ang mukha. Sa pangatlong pagkakataon, nagkamali ulit siya. Hindi ito ang kaniyang kapatid.

Nagulat ang lalaki sa ginawa ni Mereng kung kaya sinaksak niya ito. Subalit walang dugong umagos. Inulit pa nito ang saksak subalit walang nangyari. Parang damit na binuksan ni Mereng ang kaniyang balat upang ipakita ang mga buto sa kamay.

"Hindi na tatalab 'yan."

Nanghina ang pagkakahawak ng lalaki sa kutsilyo. Subalit bago pa man makatakbo, nahawakan naman ng kinalas na braso ang kuwelyo nito.

"At saan ka pupunta?"

"Parang awa n'yo na po, 'wag n'yo 'kong sasaktan. Kailangan ko lang ng pera. Nahinto na 'ko sa pamamasada kaya kinailangan kong magnakaw. Nahawahan ng sakit ang asawa ko, wala nang makain ang mga anak ko." Naawa naman ang dalaga sa lalaki kung kaya binitawan ito. Dahil sa takot ng lalaki, nanghina ang tuhod nito kaya napaluhod, kinakabahan sa sasapitin.

"Makakaalis ka na kapag sinabi mo sa 'kin kung nasaan ang kapatid ko."

"Hindi ko alam!"

"Hindi ko talaga alam!" Batid ni Mereng na nagsasabi ito ng totoo. Kahit nasindak siya kanina sa ginawa nito, hindi naman niya kayang balewalain ang dahilan kung bakit siya niloko.

"Heto, sa 'yo na. Ibenta mo." Iniabot niya ang natapong selpon kanina, may lamat na ang screen.

"Salamat po!"

Umalis si Mereng na tuliro ang isipan. Hindi na naman niya alam kung ano ang gagawin. Malapit nang matapos ang hininging araw subalit kahit isang beses, wala man lang nakapagturo kung nasaan ang kaniyang kapatid. Maliban sa posibilidad na maaaring mapunta sa ilalim ang kaniyang kaluluwa, inaalala niya kung kumusta na ba ang kapatid.

Unti-unting nalulusaw ang balat ni Mereng. Sa pagtapat sa buwan, tuluyan nang nahubaran ang walang buhay niyang kaluluwa habang naglalaho ang katawang yumayakap sa kanivang totoong anyo. Walang nagawa si Mereng kung hindi hayaang mawala ang pag-asang magliligtas sa kaniyang sitwasyon.

Pagkapasok niya muli sa sementeryo, agad na tumambad ang mga mamahaling bulaklak at mga kandilang nagpaliwanag sa paligid. Ang kulay-luksang lugar noon, ngayo'y puno ng iba't ibang dekorasyon. Ang dating nakabibinging katahimikan, pinalitan ng naglalakasang musika. Nakita niya sa dakong dulo, pasilip-silip, si Grace na totoong may-ari ng hiniram na katawan, kuryoso kung sino ang gumagamit nito.

Biglang lumitaw sa kaniyang tabi si Imong na nang-aasar pang sinasabayan ang lakad ni Mereng. Pasipol-sipol ito habang winawagayway ang gintong martilyo.

"Nakahanap ka na ba ng pambayad?"

"Wala!" nagagalit na tugon nito. "Paano ko mahahanap ang kapatid ko na marami palang kapangalan, gamit pa 'tong katawan na nawawala pala! Hindi alam ng pamilya niya na patay na siya! Meron pang umiikot

na sakit sa bansa! Kaya sabihin mo nga, paano ko mahahanap ang kapatid ko sa loob lang ng isang araw?" Dahil sa ilang beses na pagkakamali, hindi na niya nakontrol ang naipong galit.

Natigil silang dalawa nang makita ni Mereng ang isang pamilyar na mukha. Sinindahan nito ang kandilang hawak at inilagay sa kaharap na nitso. Naging malinaw sa paningin ng dalaga kung sino ang bumisita sa kaniya. Mahihinuhang nilinis ang nitso dahil sa mga balat ng sitsirya at dahon na nakaipon sa isang puting plastik.

"Pasensiya na, Ate, natagalan. Sobrang hirap sa ospital." Umupo ang binata sa sahig. Inilabas niya sa kaniyang bag ang dalawang lunch box.

Tinapik ni Imong ang balikat ni Mereng, natatawa sa pagkagulat nito. "Mukhang may dalaw ka." Nagtago sa may puno si Mereng upang marinig ang sinasabi ng kapatid.

"Kumusta ka na?" panimula nito. "Sana ayos ka kung nasaan ka man. Ako ito, ngayon lang nakalabas. Hindi sana ako aalis pero pinilit ako nina Nars Jill. Kahit man lang daw sa birthday ko."

Saglit na natahimik si Alex. Kahit nakatalikod, dama ni Mereng ang kalungkutan nito. "Dinala ko nga pala 'yong paborito mong adobo. 'Wag kang mag-alala, marunong na 'kong magluto." Napalingon sa paligid si Alex nang matawa si Mereng. Agad siyang nagtago sa likod ng puntod, hindi inaasahan na mapapalakas ang tawa. Bigla niyang naalala ang mga sunog na itlog na pilit na ipinakain ni Alex sa kaniya. Ilang beses na niyang tinuruan subalit hindi natututo.

"Tama ka nga, Ate, ang hirap maging nars. Naiintindihan na kita. Lalo kapag hindi mo nakikita ang kalaban mo. May nakahahawang sakit na kumakalat pala ngayon, hindi sigurado ang pinanggalingan at kung paano magagamot. Araw-araw, maraming pasyente, maraming namamatay. Bata o matanda, walang pinapalampas. Ang bigat sa pakiramdam, Ate." Bumuntong-hininga ang binata bago muling nagpatuloy, "Sana nandito ka pa rin."

Hindi lungkot kundi panghihinayang. Hindi mapigilang mamangha ni Mereng sa kung gaano katibay ang kaniyang kapatid. Buhay o patay, pare-pareho lang din ang bigat na pinapasan.

"Alex." Tuluyan nang humiwalay sa hiniram na katawan ang kaluluwa ni Mereng bago tuluyang yakapin ang kapatid. Biglang nanlamig si Alex, walang kaalam-alam na kanina pa nakikinig ang kaniyang ate sa mga pagsusumamo.

"Bayad na ang renta mo."

Napapikit na lamang si Mereng nang dumaan ang nangungulit na si Imong. Kahit nalalaman ni Mereng na naiipit ang kaniyang kapatid sa mahirap na sitwasyon, natutuwa siyang muling narinig ang boses nito. Para sa kaniya, walang rentang mas makaaangat sa ligtas at payapang damdamin. Patuloy na hinagkan ni Mereng ang kapatid habang hinihiling na sana anurin ng katahimikan ang mga pasanin nito.